

Mga Tagubilang Tugon (Sektor ng Kalusugan – Pangkalahatang Publiko)

Atensiyon

- Ang mga sakit na dulot ng matinding init ay maaaring mangyari. Manatiling hydrated, uminom ng tubig, at iwasan ang matinding mga aktibidad sa labas sa araw.
- Ang mga sakit na dulot ng matinding init ay maaaring mangyari. Magsuot ng damit na magaan sa pakiramdam, magdala ng parasol, sombrero, at tubig kapag lalabas.
- Maaaring mangyari ang pagkalason sa pagkain. Siguraduhing ang mga pagkain ay maayos na naluto at itinabi sa lalagyan na mas mababa sa 10°C.
- Maaaring mangyari ang pagkalason sa pagkain. Siguraduhing nainit mabuti ang pagkain bago ito kainin.
- Maaaring mangyari ang pagkalason sa pagkain. Hugasang mabuti ang mga kamay at pangasiwaan ang mga pagkain na may pag-iingat.

Pag-iingat

- Ang mga sakit na dulot ng matinding init ay maaaring mangyari. Iwasan ang mga matinding ehersisyo o anumang aktibidad sa labas.
- Ang mga sakit na dulot ng matinding init ay maaaring mangyari. Uminom ng likido na mayroong electrolytes at magpahinga kada 30 minuto matapos ang aktibidad sa labas.
- Ang mga sakit na dulot ng matinding init ay maaaring mangyari. Magsuot ng mga damit na magaan sa pakiramdam, magdala ng parasol, sombrero, at magdala ng tubig kapag lalabas.
- Linisin at i-disinfect ang mga kagamitang panluto para maiwasan ang kontaminasyon ng bacteria at parating isaisip ang posibilidad ng pagkalason sa pagkain.
- Ang pagkalason sa pagkain ay maaaring mangyari. Tingnan ang mga expiration date at pamamaraan ng pag-iimbak ng pagkain.

Babala

- Ang mga sakit na dulot ng matinding init ay maaaring mangyari. Iwasan ang mga aktibidad sa labas at magpahinga sa pagitan ng tanghali at alas-5 ng hapon.
- Ang mga sakit na dulot ng matinding init ay maaaring mangyari. Uminom ng maraming likido na may electrolytes at iwasan ang anumang aktibidad sa labas o ang paglalabas.
- Ang mga sakit na dulot ng matinding init ay maaaring mangyari. Tumawag sa 119 kapag nakaranas ng mga paulit-ulit na sintomas tulad ng pagkahilo, pagsusuka, o sakit ng ulo.
- Ang mga sakit na dulot ng matinding init ay maaaring mangyari. Kumain ng mga pagkain na magaan sa sikmura at uminom ng maraming tubig.
- Maaaring mangyari ang pagkalason sa pagkain. Humingi ng atensiyong medikal kung magkaroon ng kahina-hinalang sintomas ng pagkalason ng pagkain tulad ng pagkakaroon ng dugo sa dumi o mataas na lagnat.

Panganib

- Ang mga sakit na dulot ng matinding init ay maaaring mangyari. Iwasan ang mga aktibidad sa labas sa pagitan ng tanghali at alas-5 ng hapon.
- Ang mga sakit na dulot ng matinding init ay maaaring mangyari. Tumawag sa 119 kapag nakaranas ng paulit-ulit na sintomas tulad ng pagkahilo, pagsusuka, at sakit ng ulo.
- Ang mga sakit na dulot ng matinding init ay maaaring mangyari. Tumawag sa 119 kapag nakaranas ng paulit-ulit na sintomas na kagaya ng nararanasan ng may heatstroke, tulad ng pagsusuka o mataas na lagnat.

Mangyaring kumonsulta sa **Korea Meteorological Administration Weather Website (www.weather.go.kr)** at sa **KMA Weather App** para sa detalyadong tagubilin sa pagtugon na kinatagora ayon sa sektor.

Apat na Paraan para Ingatan ang Sarili mula sa Heat waves.



Uminom ng maramig tubig.



Maghanap ng malililiman.





Magkaroon ng regular na pahinga.



Panatilihin ang kaalaman hinggil sa mga pagtaya sa heatwave.

Iba't Ibang Paraan ng Pagpapabatid ng Tinatayang Heat Wave Batay sa Epekto

Ang KMA, ang mga kaugnay na ahensiya, at ang mga broadcaster ay nagtutulungan para ihatid ang pagtaya ng heat wave batay sa epekto sa pamamagitan ng iba't ibang ahensiya.



필리핀어 / Wikang Tagalog

Anong Kulay

Ang tindi ng Init

Na Makikita Bukas?

Pagtaya ng Heat Wave Batay sa Epekto

Ang pagtaya ng heat wave batay sa epekto ay inilalabas ng 11:30 a.m. sa araw bago ang eksaktong pagdating ng heat wave o bago ito makarating sa atensiyon ng publiko o makaapekto sa pangkalahatang kalusugan ng publiko.


Anong Kulay ng Tindi ng Init ang Makikita sa Ating Lugar Bukas?



Paano I-check ang Pagtaya ng Heat Wave Batay sa Epekto?



1 Bisitahin ang website ng Korea Meteorological Administration (KMA).



2 Gamitin ang KMA Weather App



I-check ang pagtaya ng heat wave batay sa epekto sa mga oras na 11:30 ng umaga para sa iyong kalusugan at kaligtasan bukas!

Pamamaraan ng Pagbibigay ng Impormasyon


Mga Tumatanggap	Paraan ng Pag-access	Impormasyong Ipinabatid
Pangkalahatang Publiko	<ul style="list-style-type: none"> Website ng KMA Weather (PC/Mobile) KMA Weather App 	Antas ng panganib at impormasyon ng epekto para sa lugar ng interes
Disaster Management Personnel	<ul style="list-style-type: none"> Meteorological Information Portal System para sa Pagpigil ng Sakuna (http://asfo.kma.go.kr) 	Distribusyon ng antas ng panganib at impormasyon ng epekto para sa lahat ng sektor sa itinakdang lugar

※ Ang serbisyong ito ay pinalawak sa pamamagitan ng iba't ibang channel, tulad ng SMS, broadcast na may subtitle, at serbisyong may boses.

Ano ang Pagtaya ng Heat Wave Batay sa Epekto?

Kasama ang mga epektong panlipunan at ekonomiko ng mga heat wave, ang pagtaya ng heat wave batay sa epekto ay nag-uuri sa antas ng panganib na dulot ng mga heat wave sa apat na antas (**Atensiyon, Pag-iingat, Babala, at Panganib**) na nagbibigay ng espesipikong tagubilin pagtugon ayon sa sektor (anim na sektor, kabilang ang kalusugan) para maiwasan ang pinsalang dulot ng heat wave.


Antas ng Panganib



Mga Sektor na Nasasakop

Ang antas ng panganib ng heat wave na ipinagkaloob ay iba-iba depende sa mga target na sektor.

▼ Halimbawa ng mga Ipinagkaloob na Impormasyon



Heat Wave

Binibigyang-kahulugan bilang "sobra at matinding init," Kasingkahulugan ng **napakatindi** o **nakakapasong init**

Abiso at Babala ng Heat Wave



Inisyu batay sa nakitang temperatura (mula May 15, 2023)

Abiso ng Heat Wave

- Inisyu kapag ang **napapansing arawang temperatura** ay inaasahang papalo sa **33°C** o lampas pa sa loob ng dalawang araw o higit pa.
- Inisyu kapag mayroong mabilisang pagtaas ng temperatura o ang mahabang heat wave ay inaasahang magdudulot ng kapuna-punang pinsala.

Babala ng Heat Wave

- Inisyu kapag ang **napapansing pinakamataas na arawang temperatura** ay inaasahang papalo sa **35°C** o lampas pa sa dalawang magkasunod na araw.
- Inisyu kapag mayroong mabilisang pagtaas sa nakikitang temperatura o mayroong mahabang heat wave na inaasahang magdudulot ng kapuna-punang pinsala sa malawak na lugar.

*Napapansing temperatura: Ang nararamdaman na temperatura ng mga tao kapag isinama ang halumigmig at hangin. Ang temperatura at halumigmig ay itinuturing na tumataas kapag mga buwan ng tag-init (Mayo hanggang Setyembre).

Mga Epekto ng Heat Wave



Mga sakit na dulot ng init tulad ng heatstroke, pagkapagod dulot ng init, at iba pa.



Pinsala sa mga alagang hayop, isda, at mga pananim.



Kawalan ng kuryente, mga sunog, at iba pa.

Mga Grupong Nalalagay sa Panganib

